REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

**KAUTUSANG PANGLUNGSOD BILANG 97-11**

**KAUTUSANG PANGLUNGSOD NA NAGTATADHANA NG PAGPAPASAILALIM SA "DRUG TEST" NG LAHAT NG KAWANI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA, PAMAHALAANG NASYONAL NA NAKATALAGA SA PAMAHALAANG LUNGSOD AT MIYEMBRO NG KUWERPO NG PULISYA.**

************************************************************************

Ipinanukala ni : **Kgg. Rafael R. Arciaga**

Kasamang nagpanukala : **Kgg. Allan Rey A. Camilon**
**Kgg. Melchor R. Teves**
**Kgg. Dante S. Almario**
**Kgg. Victor L. Ulanday**
**Kgg. Aldrin L. San Pedro**
**Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kgg. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kgg. Rey E. Bulay**
**Kgg. Roman E. Niefes**
**Kgg. Alejandro L. Martinez**
**Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kgg. Rufino B. Joaquin**
**Kgg. Artemio A. Simundac**

************************************************************************

**SAPAGKAT,** isa sa mga pangunahing hangarin ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ay itaguyod at pangalagaan ang kaligtasan at kalusugan ng lahat ng mga kawani ng Pamahalaang Lungsod. Pamahalaang Nasyonal na nakatalaga sa Pamahalaang Lungsod at Miyembro ng Kuerpo ng Pulisya;

**SAPAGKAT,** ang lahat ng mga kawaning naglilingkod sa Pamahalaang Lungsod ay nararapat lamang maging modelo ng katapatan. kalinisan at kabutihang asal ng mga mamamayang pinaglilingkuran nito. lalong-lalo na ng mga kabataang nalululong sa ipinagbabawal na gamot;

**SAPAGKAT,** upang lubos na magtiwala ang mamamayan sa Pamahalaang Lungsod. kinakailangang patunayan na ang mga kawani nito. at mga taong nagpapatupad ng batas ay ligtas sa ipinagbabawal na gamot;

**SAPAGKAT,** ang pagpapasailalim sa drug test ng mga kawani at tauhan ng pulisya ay hindi upang saklawin ang karapatan nito kundi upang linisin lamang ang maling gawain at usigin ang mga tiwaling kawani na mapapatunayang gumagamit ng ipinagbabawal na gamot;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ang sumusunod :

**SEKSIYON 1. KAHULUGAN NG SALITA**

a. **DRUG TEST -** isang siyentipikong pagsusuri upang mabatid kung ang isang tao ay nagtataglay ng ipinagbabawal na gamot sa kanyang katawan.

**SEKSIYON 2. PAGSASAILALIM SA DRUG TEST**

Ang lahat ng kawani ng Pamahalaang Lungsod, Pamahalaang Nasyonal na nakatalaga sa Pamahalaang Lungsod at Miyembro ng Kuwerpo ng Pulisya ay dapat sumailalim sa "Drug Test."

Walang sinuman ang maaaring tanggapin ng Pamahalaang Lungsod na bagong kawani kung hindi sasailalim sa isang "Drug Test."

**SEKSIYON 3.** Sinumang kawani o Miyembro ng Kuwerpo ng Pulisya na mapapatunayang gumagamit o positibo sa ipinagbabawal na gamot ay kaagad papatawan ng karampatang parusa na naaayon sa itinatadhana ng Civil Service Laws, Rules and Regulations at ng Dangerous Drugs Act, maliban dito, siya ay ipasasailalim sa "Rehabilitation Program" ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa.

Sa bawat kawaning matitiwalag, ang pagpapatunay na siya ay positibo at nagtataglay ng ipinagbabawal na gamot ay isasagawa ng Tanggapan ng Pangkalusugan at isusumite sa Tanggapan ng Pantauhan para sa kaukulang aksiyon.

**SEKSIYON 4. TANGGAPAN O AHENSIYA NA MAGSASAILALIM NG DRUG TEST**

Ang Tanggapan ng Pangkalusugan ay itinatalaga bilang ahensiya na magsasagawa o magsasailalim ng nabanggit na "Drug Test."

**SEKSIYON 5.** Ang Tanggapan ng Pantauhan ng Lungsod ng Muntinlupa ang magsasagawa ng nararapat na hakbang upang maipataw ang kaparusahan na naaayon sa itinatadhana ng mga umiiral na batas para sa mga tauhan ng gobyerno.

**SEKSIYON 6.** Sa pagsasakatuparan ng Kautusang ito, ang Pamahalaang Lungsod ay maglalaan ng paunang halaga na **Walong Daan Dalawampu't Tatlong Libo at Dalawang Daang Piso (P823,200.00)** sa Executive Budget para sa taong 1998 na kukunin sa pondo ng Punonglungsod sa ilalim ng Special Project - Drug Abuse Prevention Program.

**SEKSIYON 7.** Sa loob ng tatlumpung araw matapos malathala at maipaskil ang Kautusang ito ang Tanggapan ng Pangkalusugan at Tanggapan ng Pantauhan ay magkasamang gagawa ng **"Implementing and Procedural Rules"** para sa pagpapatupad nito.

**SEKSIYON 8. PAGKAKABISA**

Ang kautusang ito ay magkakabisa tatlumpung (30) araw matapos mapagtibay ang 1998 Executive Budget at malathala sa mga hayag na lugar sa Pamahalaang Lungsod.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong **25 Agosto 1997**, sa ginanap na **ika-95 Regular na Sesyon.**

**SUMANG-AYON:**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO,JR.**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ARTEMIO SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong-Barangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kautusang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**PINATUTUNAYAN :**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa : ____________________

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196